# ANG KAMALAYANG NAG-UUGNAY SA KALAKARAN NG KATUTUBONG TAGAYAN

Isang Panukala sa Disertasyon

na Iniharap sa Lupon ng

Ph. D. in Applied Cosmic Anthropology Section

Asian Social Institute

Malate, Maynila

Bilang Pagtupad sa mga Kinakailangan sa Pagtatapos

ng Doktoral sa Applied Cosmic Anthropology

Antonio T. Tamonan

Marso 2013

AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER

## ABSTRAK

(Pahalaw na Pagbubuod)

Ang pag-aaral ay isang paghalaw sa ***Kamalayang Nag-uugnay sa Kalakaran ng Katutubong Tagayan*** batay sa karanasan ng mga Ka-Bahagi. Layon nitong sagutin ang mga sumusunod na mga katanungan: 1) Ano ba ang kahulugan ng kalakaran ng katutubong tagayan batay sa karanasan ng mga Ka-Bahagi sa pag-aaral? 2) Ano ang kamalayang nag-uugnay sa kalakaran ng katutubong tagayan? 3) Ano ang mga kahalagahang naidudulot ng katutubong kalakaran ng tagayan sa sarili at sa kapwa sa aspeto ng pakikipag-ugnayan?

Inilapat nito ang disenyong *diskriptib-eksploratori* at ang metodolohiyang ginamit sa pag-aaral ay ang kwalitatibong pananaliksik na kung saan ang ispisipikong ginamit na pamamaraan ay ang *penomenolohiya*. Ito ay isinagawa sa pamamagitan ng pakikipanayam sa labing-isang Ka-Bahagi na nagmula pa sa lupon ng mga *grassroots*. Ang paraang ginamit sa pagkalap ng impormasyon o pakikipanayam ay ang *pakikipagkuwentuhan* at ang *pakikilahok* sa katutubong kalakaran ng inuman.

Sa pagsusuri ng mga tematikong pagninilay na hinango mula sa buhay-karanasan ng mga Ka-Bahagi habang lumilipos ang tagay lumitaw ang pinaka-buod na mga pagninilay:

**Ang kalakaran ng katutubong tagayan ay isang uri ng pakikipagkapwa-tao, nagbubuklod at nagiging daan ng pag-uugnayan ng bawat isa. Ito ay isang mahalagang ritwal sa buhay ng bawat Ka-Bahagi simula sa kanilang pagsilang hanggang sa pagsapit ng kamatayan. Pinag-uugnay nito at pinagiging-isa ang kabuuang aspeto ng buhay ng mga Ka-bahagi: ang kanilang isipan, damdamin, ang pakikipag-ugnayang sosyal, pakikipag-ugnayan sa Inang kalikasan at ispiritwal. Nakapagdudulot ito ng malinaw na kaisipan na nagiging daan upang makapag-bigay ng mga makahulugan at magagandang mga aral. Nakapagdudulot din ito ng lubos na kasiyahan sa kalooban sa kabila ng matinding pagkapagal sa maghapong mga gawain, lakas at tapang ng loob sa pagharap sa mga hamon ng buhay na sa kanila ay dumarating at pinag-uugnay ang pagkatao ng bawat isa.**

Ang pag-aaral ay makapagdudulot ng kahalagahan sa pagpapalalim ng kahulugan ng ating pagkatao. Magiging daan din ito na tingnan ng positibo at malaliman

ang kamalayang nag-uugnay sa kalakaran ng katutubong tagayan, na ito ay magsisilbing inspirasyon ng bawat isa sa ating pang araw-araw na pakikipag-ugnayan sa sarili, sa kapwa, sa lahat ng mga may buhay, sa ating Panginoong Diyos at maging sa Kosmos. Ito rin ay magbibigay ng motibasyon sa pamunuan at kaguruan ng bawat institusyon na makapaglunsad at paunlarin ang mga programa na magpapayaman at magpapalalim ng ating mga katutubong uri ng pamumuhay. Magiging daan din ito ng mga pag-aaral at pagsasaliksik na isasagawa hinggil sa ating mga katutubong pamumuhay na ang layunin ay maiangat, mapalalim ang kahulugan at kahalagahan nito sa ating buhay bilang s’yang sumisimbolo, nagpapahayag ng ating pagka-Pilipino. Ang pag-aaral na ito ang magpapabatid sa atin na ang katutubong kalakaran ng tagayan ay may malalim na sinasabi sa ating buhay at ang pagsasagawa nito ay hindi maabuso, bagkus isinasagawa ng may kalakip na pananagutan.

Ang Eydetikong Pananaw ng pag-aaral ay ipinahayag sa pamamagitan ng isang malikhaing simbolo na may titulong, **Ang Mandala ng Kalakaran ng Katutubong Tagayan.**

AKLATANG EMILIO AGUINALDO INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines